Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Nakipag-partner ang Ren’s Pets sa Lungsod ng Brampton para sa programa sa pagbibigay ng lisensya sa aso at puso

Brampton, ON (Eneroy 28, 2023) – Ang Ren’s Pets, isang nangungunang Canadian specialty retailer ng mga pagkain at suplay ng alagang hayop, ay nakipag-partner sa Lungsod ng Brampton para suportahan ang programa sa pagbibigay lisensya sa aso at pusa. Ang mga residente ng Brampton ay makatatanggap ngayon ng $20 voucher para mamili sa Ren’s Pets kapag inirehistro nila ang kanilang aso o pusa at sa pagbili ng kanilang taunang lisensiya para sa kanilang pet sa Brampton Animal Services.

Sa ilalim ng Ordinansa sa Animal Control ng munisipyo, ang lahat ng aso at pusa sa Brampton ay kailangang lisensyado sa Lungsod sa bawat taon ng kalendaryo ng Lungsod. Maaaring kunan ng lisensiya ng mga residente ang mga alagang hayop online, personal, sa pamamagitan ng telepono o mail. Para sa presyo at kumpletong mga detalye, bisitahin ang www.brampton.ca/animalservices

“Excited kaming makipag-partner sa Lungsod ng Brampton sa programang ito para suportahan ang responsableng pangangalaga ng hayop,” sabi ng CEO ng Ren’s Pets na si Scott Arsenault. “Committed ang Ren’s sa pagbuo ng makahulugang partnership sa lokal na mga komunidad tulad nito sa Brampton, upang mamuhay ang mga alagang hayop sa pinakamaayos na pamumuhay. Binuksan namin ang tindahan sa Brampton noong Hulyo 18, 2021 at nakatagpo ang ilang katangi-tangi, passionate na mga may-ari ng pet kasama ang kamangha-manghang mga alagang hayop mula sa lugar.”

“Ikinagagalak ng Lungsod ng Brampton na idagdag ang Ren’s Pets bilang isa sa kanilang mga partner na nagbibigay ng lisensiya. Ang ating nagpapatuloy na layunin ay gantimpalaan ang mga may-ari ng aso at pusa sa ating komunidad kapag bumili sila o nag-renew ng mga lisensiya para sa 2023,” sabi ni Mike Mulick, Animal Services Manager para sa Lungsod ng Brampton. “Mag-online upang bilhin ang inyong lisensiya ngayon, ito ay ang responsableng bagay na gawin.”

“Ito ay talagang magandang benepisyo na gagawin para sa mga may-ari ng pet na kumuha ng lisensya para sa kanilang mga aso at pusa sa Brampton,” saad ni Larissa Wasyliw, VP of Ecommerce & Marketing at Ren’s Pets. “Ang $20 voucher ay pwedeng gamitin sa Ren’s para sa pagkain, mga treat, laruan, o iba pa para sa kanilang mga alagang hayop. Hawak ng Ren’s ang pinakamaganda, pinakamataas na kalidad na mga premium brands at pinakamalawak na assortment ng lahat ng bagay na kailangan ninyo para sa inyong aso at pusa, lalo na kung ang pag-uusapan ay tungkol sa kinakain nila, ito man ay tuyo, basa, o hilaw na pagkain. Mahusay na magagawang mag-enjoy ng mga tao sa isang bagay mula sa Ren’s habang ginagampanan ang responsableng pangangalaga sa alagang hayop at pagpapa-lisensiya sa kanilang mga aso.”

Basahin ang mas marami pa tungkol sa pagpapalisensiya sa inyong alagang hayop sa Brampton dito: www.brampton.ca/animalservices




*Ang Ren's Pets Brampton ay matatagpuan sa 200 Great Lakes Drive sa Trinity Commons.*




*Ang tindahan sa Brampton ay nagtatampok ng higit sa 8,000 produkto na may mga pasilyo ng mataas sa kalidad na pagkain ng aso at pusa, mga display ng mga treat at laruan, plus, espesyal na grooming section at walk in na mga freezer.*




*Dalhin ang inyong mga alagang hayop para makilala ang aming marunong na mga staff at ipatimbang ang mga ito sa aming mga timbangan sa tindahan anumang oras.*

-30-

**Tungkol sa Ren's Pets**

Ang Ren's Pets ay isang nangungunang Canadian specialty retailer na may 45 tindahan (at dumadami pa!) sa Ontario at sa Maritimes plus isang best-in-class ecommerce site shipping sa buong bansa. Itinatag ang kumpanya noong 1975 at may headquarter sa Guelph, Ontario. Ito ay nakuha ng Legault Group noong Agosto 2021. Dinadala ng Ren's ang pinakamalaking seleksyon ng mga suplay ng alagang hayop, kabilang ang pagkain, mga treat, at laruan ng alagang hayop para sa Pinakamagandang Buhay ng inyong Alagang Hayop. Ang Ren's ay ang lider sa industriya sa mataas sa kalidad na propesyonal na grooming supplies. Ang Ren's Promise ay nagtitiyak na ang mga marunong na staff ay tutulong sa inyo na makahanap ng pinakamabuting pagkain para sa inyong alagang hayop. Hinahayaan kayo ng Ren's Reward program na magkamit ng libreng pagkain at mag-redeem ng points online o sa loob ng tindahan. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang renspets.com o makipag-ugnayan kay Larissa Wasyliw, VP of Ecommerce & Marketing sa larissa.wasyliw@renspets.com.

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca